WCB FACTS 2024

GAWAD PARA SA PERMANENTENG DI-BUONG KAHINAAN NG KAKAYAHAN (PERMANENT PARTIAL IMPAIRMENT)

Ano ang gawad para sa permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan
Kung ikaw ay magtatamo ng pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho na magreresulta sa isang permanente o masusukat na pagbabago (tinatawag na impairment) sa paggana ng apektadong bahagi ng iyong katawan, maaaring karapat-dapat ka sa gawad para sa permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan. Ang benepisyong ito ay hiwalay, at pandagdag sa, iba pang mga benepisyo ng WCB.

Sa anong punto ng proseso ng aking claim magpapasya ang WCB kung ako ay may permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan?
Ang assessment para sa at pagbibigay ng rating ng permanenteng impairment ay magaganap kapag gumaling ka na nang husto mula sa pinsala o sakit na tinatanggap ng WCB. Ito ay isinasaalang-alang sa pinakamababang isang taon pagkatapos ng isang pinsala o kaugnay na operasyon.

Paano magpapasya ang WCB kung mayroon akong Gawad Para Sa Permanenteng Di-Buong Kahinaan Ng Kakayahan?
Sinusuri ng WCB Healthcare ang medikal na impormasyon mula sa iyong file na nagpapakita ng posibleng impairment (tulad ng audiogram sa isang kaso sa kawalan ng pandinig).

Sa ilang mga kaso, kinakailangan kang suriin ng consultant ng WCB healthcare para mapagpasyahan kung ang iyong pinsala ay nagresulta sa kawalan ng kakayahang kumilos at, kung gayon, hanggang sa anong saklaw. Ang eksaminasyon at iba pang katibayan ay gagamitin para mapagpasyahan kung ikaw ay may permanenteng partial impairment tulad nang naibalangkas sa aming Patakaran sa Impairment at gagawa ng mga rekumendasyon sa iyong Case Manager hinggil sa rating ng Gawad Para Sa Permanenteng Di-Buong Kahinaan Ng Kakayahan.

Sa sandaling ito'y mapatunayan na mayroon akong Gawad Para Sa Permanenteng Di-Buong Kahinaan Ng Kakayahan, ano ang susunod na mangyayari?
Ang mga rating sa impairment ay natatag batay sa WCB Impairment Rating Schedule, bilang porsiyento ng buong katawan, at batay sa mga sumusunod na factor (nang hiwalay o pinagsama):

- kawalan ng bahagi ng katawan
- kawalan ng kakayahang igalaw ang mga kasu-kasuan
- kawalan ng pagganap ng organ, o
- pagkasira ng anyo ng katawan.

Halimbawa, ang kawalan ng isang parte ng hintuturo ay kumakatawan sa isang impairment, na kung saan ang WCB Permanent Partial Impairment Rating Schedule

ay nagbibigay ng rating ng impairment sa pagitan ng 1.0% at 7.0% depende sa parte ng daliri na nawala.
Sa sandaling ang iyong Gawad Para Sa Permanenteng Di-Buong Kahinaan Ng Kakayahan ay napagpasyahan, magtatalaga ang WCB ng value sa dolyar sa rating batay sa naaayon sa batas na halaga at ang taon ng iyong claim.

Halimbawa, kung naganap ang iyong pinsala noong 2022, ang gantimpalang halaga ng Gawad Para Sa Permanenteng Di-Buong Kahinaan Ng Kakayahan ay $1,560 para sa bawat kumpletong porsiyento ng impairment hanggang 30% at $1,880 para sa bawat kumpletong porsiyento ng humigit sa 30%.
Kung ikaw ay may kondisyon na dati nang naroon, ikaw ay karapat-dapat pa rin para sa isang gawad sa kahinaan ng kakayahan, gayunman, maaaring bawasan ito, depende sa epekto ng kondisyon na dati nang naroon sa iyong permanenteng di-buong kahinaan ng kakayahan na may kaugnayan sa trabaho.

May kasama bang pera para sa pananakit at pagdurusa ang gawad?
Hindi. Ang *Workers Compensation Act* ay hindi nagbibigay ng mga rating sa impairment para sa pananakit at pagdurusa.

Nakakaapekto ba ang mga benepisyo para sa parehong impairment mula sa mga programa bukod sa WCB sa aking Gawad Para Sa Permanenteng Di-Buong Kahinaan Ng Kakayahan mula sa WCB?
Hindi. Ikaw ay may karapatan na magkolekta ng mga bayad mula sa iba pang mga insurance program para sa parehong permanenteng partial impairment. Hindi namin ibabawas ang mga halagang ito mula sa iyong mga benepisyo o gawad.

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa antas ng aking kahinaan ng kakayahan?
Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa antas ng kahinaan ng kakayahan na natatag ng WCB, ikaw ay maaaring umapela para sa desisyon na ito. Ipaliwanag sa amin, nang nakasulat, kung saan mismo sa tingin mo nagawa ang pagkakamali at kung anong mga dahilan mo binabatay ang iyong apela. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang Review Office na FAQ.

Ano ang mangyayari kung magbago ang aking kahinaan ng kakayahan?
Kung lumala ang iyong kondisyon makalipas mapagpasyahan ang impairment rating, maaari kang humingi ng pagsusuri sa antas ng iyong impairment. Hindi magaganap ng mas maaga ang pagsusuri sa dalawang taon mula nang huling assessment.

Ang paglalathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi nito nilalayong maging legal na payo, at hindi dapat umasa dito para sa layuning iyon. Para sa mga mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations at ang Mga Patakaran ng WCB.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.